

Chapter 1

Gustong-gusto niyang tumitig sa mga mata nito. Ang wari niya kasi'y may kakaibang kiliting hatid sa kanyang puso ang pagtitig sa mapupungay nitong mga mata, Yssa typed.

Mapupungay? Ano 'yun, si Bratty? Laging naka-beautiful eyes? Ang pangit! Erase. Erase. Sunud-sunod niyang pinindot ang backspace key ng kanyang laptop bago muling nag-isip.

Pa'no ba? Tumitig siya sa dingding ng kanyang kuwarto at saka nag-isip. Pagkatapos ay muli na namang lumipad ang kanyang mga daliri at saka nagpalipat-lipat sa mga keys ng kanyang laptop. She then read what she had typed.

Ang wari niya kasi'y may kakaibang kiliting hatid sa kanyang puso ang pagtitig sa seryoso at tila punong-puno ng damdamin nitong mga mata. Hindi lang sa mga mata nito siya naa-attract kundi pati na rin sa iba't ibang parte ng mukha nito. Sa matangos nitong ilong, sa mapupula nitong mga labi...

Ang swangit! Napaka-generic ng deskripsyon, para bang kahit na kaninong lalaki ay pwede niyang gamitin iyon. Kailangan niya ng something unique. Iyon bang hindi pwedeng i-copy-paste. Iyong katangiang masasabi niyang sa partikular na hero niyang

iyon talaga. Gusto kasi niyang may kanya-kanyang personalidad ang bawat hero ng kanyang mga nobela. Iyon bang hindi niya pwedeng pagpalit-palitin.

Nag-isip siyang muli. Pero ayon, wala pa ring matinong ideyang lumalabas sa kanyang utak. Nothing. Nada. Nakakaloka!

Hahay! Pambihirang utak 'to! Ayaw gumana!

Ganoon kasi talaga ang nangyayari kapag pinipilit niyang magsulat kahit may writer's block siya. Usad pagong. Puro lang siya backspace.

Diyaskeng writer's block naman kasi ire! Aba't halos dalawang linggo na yata siya nitong sobrang pinapahirapan. Aba't overdue na 'tong manuscript niya, ah! Baka wala na siyang makain sa mga susunod na buwan. Idagdag pa ang renta sa tinitirhan niyang apartment, kuryente, tubig, internet, dog food ni Bratty... *argh!*

Putsa! Kailangan na talaga niyang makatapos. To hell with her writer's block, magsusulat siya. Nadadaan naman kasi minsan sa santong paspasan. Hindi naman kasi puro inspirasyon ang pagsusulat, kailangan din ng sipag at tiyaga. Minsan nga, iyong isang buong manuscript niya, mula chapter one hanggang wakas, eh, pinapatakbo niya sa pagitan ng paglalaro ng mga computer games. *Plants vs. Zombies* was one of her favorite writer's block buster. Hayun, minsan ay sinusuwerte namang

maging bestseller ang libro niyang resulta ng walang katapusang pakikipagbunuan sa diyaskeng writer's block na 'yan.

Dala ang isipang iyon ay pinilit niyang makahabi ng kahit ilang paragraphs lang. Ngunit tulog yata talaga ang lahat ng mga ugat niya sa utak dahil nakasampung minuto na siguro siya sa pakikipagtitigan sa *MS Word* document ay wala pa ring itinakbo ang kanyang manuscript. Dinaig pa nito ang sasakyang may parking boot, hindi makausad.

“Kung ayaw niyo, huwag niyo! Kaloka kayo! Kung ayaw ninyong makipagtulungan sa akin, bahala kayo sa buhay niyo! Bigyan ko kayo ng tragic ending diyan, eh!” ang malakas niyang wika na tila pinapagalitan ang mga characters sa librong kanyang isinusulat bago umalis sa pagkakaupo sa ibabaw ng kanyang kama. At pagkatapos ay nagmartsa siya palabas ng kanyang silid matapos iwanang nakatiwangwang ang kanyang laptop.

Maghahanap na lang siya ng *Hershey's* sa mga convenience stores sa labas. Baka sakaling gumana ang mga romantic veins niya sa katawan kapag nakakain siya ng tsokolate. Kilala pa namang nagdudulot ng aphrodisiac effect ang mga tsokolate, maybe it would put her in the mood for love. Wish niya lang.

Pabalik na siya ng apartment niya, bitbit ang isang pack ng *Hershey's Kisses* at isang 100g bar ng *Toblerone Dark*, nang mapansin niyang may ina-unload na mga kasangkapan sa katabi

niyang unit.

Matagal na kasi itong bakante, mula nang umuwi ng Visayas si Tita Beth, iyong matandang dalagang gurong nangungupahan doon dati. Close sila n'un, eh. Kakuwentuhan niya kasi ito minsan. Nami-miss na nga niya ito.

Hay, sa wakas ay mukhang magkakaroon na ulit ako ng bagong kapitbahay, naisip niya. Sana lang, eh, makasundo rin niya ang mga ito gaya ni Tita Beth.

Sana din may mga chikiting, ang hirit pa niya. Mahilig kasi talaga siya sa bata. Nami-miss na nga niya ang dalawa niyang half-siblings na nasa Japan kasama ng tatay ng mga ito at ng nanay niya. Minsan lang kasi kung magbakasyon sa Pilipinas ang mga ito.

Well, may nakatira din naman doon sa kabilang side ng unit niya, di nga lang niya ka-close. Pano, ang dalang lang kung umuwi ng bahay. Kung naroon naman, di rin naman naglalalabas. Ni wala nga siyang maalalang matinong pag-uusap sa mag-asawang iyon, puro ngitian lang at tanguan.

Kaya't sana'y bumawi. Sana'y maging kasundo niya itong bagong lipat sa kabilang unit.

Todo silip siya sa nakaawang na gate sa pagbabakasaling makadaupang palad na niya ang mga bagong kapitbahay nang may kung anong matigas na bagay ang bumunggo sa kanyang

likuran. Napa-aray siya nang malakas sabay lingon sa kung anumang bumangga sa kanya na iyon.

Bumungad sa kanyang paningin ang isang malaking electronic keyboard na buhat-buhat ng isang lalaking hindi niya makita ang mukha. Natatabunan nga kasi iyon ng dala nitong electronic keyboard.

“Huwag kasing haharang-harang!” narinig niyang bulyaw nito.

Ay, sinigawan ako? Parang bigla tuloy nag-init ang kanyang ulo. Ang sakit-sakit na nga noong parteng tinamaan noong lintik na electronic keyboard, makakatikim pa siya ng bulyaw mula rito?

“Aba’y antipatiko ka pala, eh! Ikaw na nga ‘tong nakabangga, ikaw pa ‘tong may ganang manigaw!” ang ganting-sigaw niya dito.

Noon nito ibinaba ang bitbit nitong musical instrument, and my-oh-my, pakiwari niya’y nag-palpitate bigla ang kanyang puso nang tumambad sa kanyang paningin ang mukha nito. Aba’t ang antipatikong lalaking iyon ay nabiyayaan pala ng napakaguapong mukha. Kung hindi nga lang doon sa nakakunot nitong noo ay iisipin niyang isa itong anghel na bumaba sa lupa upang haranahin ang nalulumbay niyang puso. Ngunit natigil ang paghanga niyang iyon dito nang muli itong nagsalita.

“Hindi ko kasalanan kung nabangga man kita! Kasalanan mo, haharang-harang ka sa may daraanan!” anito sa pagalit pa ring tono.

Aba’t mukhang naghahanap talaga ng gulo ang hinayupak na ‘to, naisip niya. Tuluyan na niyang nakalimutan ang guapo nitong mukha at ang pawisan nitong T-shirt na noo’y bumakat na sa six-pack abs nito. Nakakawala naman kasi sa tamang katinuan ang pagiging antipatiko nito.

Naninigaw ng babae? Anover! Balak sana niyang patulan pero biglang nagbago ang isip niya. Baka sabunutan pa siyang bigla. Uso na kaya ngayon ang pa-machong mga bading. Aba malay niya kung isa ito sa mga pusong-Eba na nagtatago sa kakisigan ni Adan.

“Ay, sori ba ‘ka mo? Naku, wala ‘yun. Huwag ka nang mag-alala, okay lang naman ako. Hindi naman nagsikalasan ‘tong mga buto ko sa katawan, o,” ang sarkastiko na lang niyang tugon dito. “Salamat na lang sa concern mo!” ang pahabol pa niyang wika bago ito tuluyang tinalikuran.

“Bwisit na lalaking ‘yun! Kung makaasta, akala mo naman ay pag-aari niya ang mundo! Guapo sana, kaso wala namang kasimpangit ang pag-uugali! Bakla nga siguro. Bwisit! Panira ng araw!” Bubulong-bulong siya habang naglalakad pabalik ng kanyang unit.

Wala! Sirang-sira na talaga ang mood niya. Masama na nga ang gising niya kanina, dumagdag pa ang antipatikong lalaking iyon. Wala na talagang pag-asang makakapagsulat pa siya nito.

Iyong nabili na lamang niyang tsokolate ang pinagdiskitahan niya habang pinapalipas niya ang bad mood sa pagbababad sa *Facebook*. Sa mga comments na lang niya ibubunton ang galit sa mundo. Mabuti na lamang 'ka mo't naroon ang ever loyal niyang mga kaibigan, ang *Hershey's* at ang *Toblerone*, na handa siyang damayan sa kahit na anong oras niya kailangan ng karamay.



Sinundan ni Red ng tingin ang papaalis na babae. Base sa paniningkit ng mga mata nito kanina, at sa pamumula na rin ng mga pisngi, alam niyang talagang nagalit ito sa kanya.

Sino ba naman kasi matutuwa, heto siya't di magkandaugaga sa paglilipat-bahay nang mag-isa habang walang konsiderasyon itong haharang-harang sa daraanan niya. Ang sakit-sakit na nga nitong mga kamay niya sa kabubuhat ng mga kagamitan niyang mag-isa, may dagdag perwisyo pa.

But he had to admit, she was cute. She was petite though, not her type. Ang type kasi niya'y iyong mga voluptuous. Iyon bang tipong hindi nagkulang sa kurba ang katawan. *Yummy!*

Ganoon pa man, hindi pa rin niya maitatatwang nakukyutan siya sa echoserang babaeng iyon. Ano pa ba naman ang pwede

niyang itawag sa taong nakikisilip sa gate ng may gate kundi tsismosa? Definitely not his type. He found her cute, all right, pero hindi nangangahulugang kursunada na niya ito. Nosy neighbors were a no-no in his list.

Pabalik na siya sa van na pinagkargahan ng kanyang mga kasangkapan matapos maihatid ang electronic keyboard sa loob ng apartment, upang hakutin ang natitira niyang mga gamit, nang tumunog ang kanyang cell phone. Napaungol siya nang makitang si Skye ang tumatawag sa kanya.

Mabuti nama't naisipan pa siyang tawagan ng loko, naisip niya habang sinasagot ang tawag nito.

“Mabuti nama't naalala mo pa akong tawagan,” aniya.

“Sori, bro, ngayon lang kami nagising, eh. Lintik na alarm clock ‘yun, sira pala. Ano, pwede pa kaming humabol?” anito.

“Huwag na, salamat na lang. Patapos na rin naman ako. Ano nama'ng gagawin niyo dito, makikikain na lang?” aniya.

“Pa'no mo nahulaan, bro? Walang laman ang fridge dito sa bahay, eh. Lintik na Bridge ‘to, pinambabae ang pamalengke namin,” anito na ang tinutukoy ay ang pinsan nitong ka-share sa apartment na nagkataong ka-banda rin nila. “Ano? Habol kami diyan?”

“Huwag na. Ang lagay, eh, hindi na nga kayo nakatulong, mamemerhuwisyo pa kayo?” aniya.

“C’mon, bro. Mapapakinabangan mo pa naman kami. Unless tapos ka nang mag-ayos niyang unit mo,” anito.

“All right, all right,” aniya. May punto naman kasi ito, kailangan nga naman niya ng makakatulong sa pag-aayos sa bagong apartment. “Basta huwag niyo lang akong paglulutuin. Malaki ang atraso niyo sa akin kaya’t kayo ang maghanda ng pananghalian ko. Pagtitiyagaan ko na lang ‘yang luto niyo,” aniya.

Hindi naman kasi sa pagmamalaki pero siya lang naman talaga ang marunong magluto sa kanilang magkakabanda. Pa’no, maliban sa kanilang dalawa ni Sid ay puro galing sa may kayang pamilya ang mga ito.

“Ay naku, bro! Alam mo namang ni sinaing ay di ko pa maluto nang wasto sa rice cooker. Hayaan mo, mukhang nag-improve na rin sa kusina itong si Bridge, siya na ang bahala sa pananghalian natin, akin ang interior designing,” anito.

“Putik! At kailan ka pa bumigay, ha?” ang biro niya dito.

“Luko-loko! Baka nakakalimutan mong interior designer ang daddy ko! Huwag mong sabihing duda ka rin sa pagka-barako n’un?”

“Ah, hindi. Labas na si Tito Enrique sa usapan. Mahirap na, baka mawalan pa tayo ng dakilang sponsor,” aniya.

Mabait kasi ang daddy nito. Hindi sila hinihindian. Sa

katunayan ay ito ang nag-sponsor ng bagong drum set ng banda, palibhasa’y si Skye ang drummer ng grupo. Mahilig din itong magbigay ng pang-gimmick nilang lima. Masaya pang ka-jamming. Paano, mahilig din sa musika. At higit sa lahat, masarap kakuwentuhan. Para nga itong daddy nilang lahat.

May narinig siyang boses babae sa kabilang linya na tila naglalambing kay Skye.

Ayon! Kaya naman pala hindi nakasipot sa usapan nila kanina, nagdala pala ito ng babae sa apartment nito ngayon. Alarm clock pa ang sinisi. Akala mo naman ay di pa nauso ang cell phone.

“Ayan, mukhang nangungulit na ‘yang alarm clock mo diyan. Baka naman indianin niyo ulit ako nang dahil pa rin sa alarm clock na ‘yan, ha!” aniya.

Malakas itong natawa. “Hindi na, bro. Didispatsahin ko na ‘tong alarm clock na ’to, alang-alang sa pagiging solid natin!” anito.

Iyon kasi ang motto nilang lima, solid!

“Siguraduhin niyo lang at kapag namuti ang mga mata ko dito sa kahihintay sa inyong dalawa ni Bridge, eh, goodbye na sa pagkakaibigan natin. Alam niyo namang kayong dalawa lang ang inaasahan ko since may kanya-kanyang lakad iyong dalawa,” aniya.

Nagpaalam kasi si Sid na hindi ito makakatulong sa paglilipat-bahay niya't may choir practice ito. Si Zee nama'y may family luncheon date daw kasama ang buong pamilya nito upang i-celebrate ang pagpasa ng dalawa nitong nakakatandang kapatid sa Bar exam.

“Oo na, oo na. Give us half an hour. Gotta go,” anito bago naputol ang linya.

Iiling-iling na lamang siya habang ibinabalik ang kanyang cell phone sa bulsa ng suot niyang pantalon bago ipinagpatuloy ang ginagawang paghahakot sa natitira pa niyang mga gamit.



“Bratty, ano ba? Akala ko ba'y gusto mong pumopo? Pahamak ka naman, eh. Kung kailan nagsimula nang gumana 'tong imahinasyon ko, saka ka naman nangungulit. Sige na, popo ka na diyan at babalikan ko na 'yung manuscript ko. Go na,” ang wika ni Yssa sa alagang teacup poodle na halos kasing-laki lang ng pinagtabing dalawang palad niya.

Ang ingay-ingay kasi nito kaninang nagsusulat siya. Ang akala tuloy niya'y gusto nitong pumopo kaya't pinalabas niya ito ng bahay. Ngunit kahit nasa labas na ito ay sige pa rin ito sa kakakahol kaya't wala siyang nagawa kundi ang itigil ang ginagawang pagsusulat upang balikan ito roon.

“Gusto mong lumabas, ano?” aniya nang mapansing sa

nakasarang gate ito humaharap kapag kumakahol. Gusto marahil nitong pabuksan ang gate sa kanya, may tatlong araw na kasi itong hindi niya naipapasyal sa labas.

“Bratty, baby, not today, okay? Sorry. Busy si Mommy. Kailangang magtrabaho ni Mommy para may pambili ng dog food,” aniya sa alaga na halos anak na kung ituring niya.

Ngunit mukhang di naman nito naintindihan ang ibig niyang sabihin. O kung naintindihan man nito iyon ay ayaw nitong sumang-ayon sa kanya dahil ayaw pa rin nitong tumigil sa kakakahol.

“Baby, ‘wag matigas ang ulo, okay? Tomorrow, that’s a promise, I’ll find time for you. Now, kung ayaw mo namang pumopo, eh, you get inside na.”

Ngunit tila ayaw rin naman nitong pumasok ng bahay. Nanatili lang itong nakatingala sa kanya habang nakalawit ang dila.

“Okay. Kung ayaw mo pang pumasok, then dito ka na lang muna. Basta ‘wag maingay, okay, at nadi-distract si Mommy. Be a good girl.”

Anyong tatalikod na siya nang may biglang kumatok mula sa labas ng gate.

“Sino na naman kaya ito?” ang naiinis niyang wika habang lumalapit ng gate.

Kainis naman, o! Kung kailan feel ko nang magsulat, ang dami namang distractions!

“Hi, suki! Feel mong magpa-manicure at pedicure ngayon?” nakangiting bungad sa kanya ng baklang manikurista na minsan lang namang nakapaglinis ng mga kuko niya—noong minsang tamarin siyang magpunta ng salon na hindi na naulit pa dahil sa nagkasugat-sugat niyang mga daliri—pero kung kulitin siya ay halos linggo-linggo na. Feeling kasi talaga siguro nito, eh, magsuki talaga sila.

“Naku, di na. Kagagaling ko lang sa—Bratty! Bumalik ka!”

Ngunit tila walang narinig ang alaga niya. Tuloy-tuloy itong tumakbo palabas ng gate.

Dali-dali niya itong sinundan sa takot na baka masagasaan ito ng mga dumadaang sasakyan.